WCB FACTS 2024

MGA BOLUNTARYONG MANGGAGAWA PARA SA EMERHENSYA

Kung ako ay isang boluntaryong manggagawa para sa emergency, ako ba ay karapat-dapat sa mga benepisyo para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa kung ako ay masaktan habang nagtatrabaho?

Oo. Ang Workers Compensation Board of Manitoba (WCB) ay nagbibigay ng coverage para sa mga boluntaryong mga manggagawa sa emerhensya. Kung ikaw ay isang boluntaryong bumbero o tauhan ng ambulansya o inaatasang magbigay ng iba pang tulong sa isang emerhensya sa ilalim ng *The Emergency Measures Act*, ikaw ay itinuturing na isang manggagawa at ang probinsyal na gobyerno o lokal na awtoridad kung saan ka nagboboluntaryo ay itinuturing na iyong employer.

Ikaw ay may coverage kung masasaktan ka:

- habang nasa tungkulin;
- papunta sa o mula sa tungkulin sa emerhensya; o
- habang nakikibahagi sa mga opisyal na pagpupulong o mga pagsasanay.

Ang mga indibidwal na nilalabanan ang mga sunog sa ilalim ng *The Fires Prevention and Emergency Response Act* ay itinuturing din na mga manggagawa na may coverage mula sa WCB. Sa ganitong kaso, ang iyong employer ay ang probinsyal na pamahalaan.

Sa anong mga benepisyo ako karapat-dapat?

Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo at serbisyo ng WCB kung ikaw ay mayroong isang pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

Maaaring kabilang dito ang:

- pagbabayad ng mga pinapayagang mga gastos sa medikal
- mga gastos sa paglalakbay para sa aprubadong medikal na paggamot
- mga benepisyo para sa nawalang sahod
- mga gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan
- bokasyonal na rehabilitasyon
- mga benepisyo para sa mga umaasa sa pangyayari na may namatay

Sino ang dapat sumagot ng aking claim form?

Ang probinsyal na gobyerno o lokal na awtoridad kung saan ka nagboboluntaryo ay itinuturing na iyong employer at kinakailangang kumpletuhin ang isang Employer Incident Report. Dapat mong kumpletuhin ang isang hiwalay na Worker Incident Report, na maaaring isumite sa online, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Claims Service Centre sa 204-954-4321 o walang bayad sa 1-855-954-4321.

Kailangan ko bang iulat sa WCB ang aking regular na kita sa trabaho?

Kung ikaw ay may kulang na oras mula sa iyong regular na trabaho, kailangan mong isaad ang anumang mga kinita mo sa iyong Worker Incident Report. Kailangan mong ibigay ang pangalan ng iyong regular na employer at anumang kita sa part-time o self-employment.

Kung nawalan ka ng oras mula sa trabahong iyon dahil sa iyong pinsala , sa iyong pahintulot, tatawagan ang iyong regular na employer upang magbigay sa WCB ng impormasyon ng iyong kita.

Paano kakalkulahin ang aking mga benepisyo para sa nawalang sahod kung hindi ako nakakatanggap ng pera para sa aking mga tungkulin?

Bagaman ikaw ay maaaring hindi bayaran bilang isang boluntaryong manggagawa sa emergency, covered ka pa rin. Kung ikaw ay masasaktan habang nasa tungkulin at nawalan ng oras mula sa iyong regular na trabaho, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod batay sa mas mataas sa:

- iyong aktwal na mga kita bago mapinsala; o
- kalahati ng Industrial Average Wage ng Manitoba (IAW).

Kahit na ikaw ay walang regular na kita sa trabaho sa panahon nang ikaw ay napinsala, kung ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay pinahihintulutan, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyo batay sa kalahati ng IAW na may bisa sa taon na naganap ang iyong pinsala.

Kung ikaw ay nagtamo ng isang pangmatagalang kawalan ng mga kita o napinsala na ikinamatay habang ginagawa ang iyong mga tungkulin bilang isang boluntaryong manggagawa para sa emerhensya, ikaw o ang iyong asawa ay makakatanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod batay sa alinman sa 90% ng iyong net ng nawala sa kita o 90% ng IAW, anuman ang mas mataas.

Nagbibigay lamang ang WCB ng mga benepisyo para sa nawalang sahod kapag ang kawalan ng mga sahod ay naganap bilang resulta ng isang pinsala. Kung walang kawalan, hindi babayaran ng WCB ang mga benepisyo para sa nawalang sahod.

Kailangan ko bang kumuha ng mga benepisyo sa may sakit mula sa aking regular na employer?

Hindi mo kinakailangang gamitin ang iyong sick leave para sa mababayarang pinsala, dahil ang WCB ang magbabayad sa iyo para sa oras na nawala mula sa iyong regular na employer.

May karapatan ba akong makatanggap ng parehong sick leave mula sa aking regular na employer at mga benepisyo ng bayad-pinsala (workers compensation) sa mga manggagawa kung ako ay mapipinsala habang nasa tungkulin bilang isang boluntaryong manggagawa para sa emerhensya?

Oo, ang WCB ay ang unang magbabayad para sa mababayarang pinsala kung kaya isasama namin ang iyong mga nawalang sahod mula sa iyong regular na employer kahit na ikaw ay nangongolekta ng mga benepisyo ng sick leave. Gayunman, ang kombinasyon ng iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod at mga benepisyo sa sick leave ay hindi dapat mas mataas sa 100% ng aktuwal mong kawalan na kakayahang kumita.

Halimbawang Mga Pagkalkula Ng Benepisyo para sa Mga Boluntaryong Manggagawa Para Sa Emerhensya

Sa karamihan sa mga sitwasyon, ang antas ng iyong benepisyo sa WCB ay nakabatay sa 90% ng mga net na kinita. Gayunpaman, kung ang iyong net ng kawalan ng kita ay mas mababa sa o katumbas ng mga pinakamababang taunang kita, ang rate ng iyong benepisyo ay magiging 100% ng iyong net na kita.

Kung ang 90% ng net ng kawalan ng kita mo ay mas mababa kaysa sa matatanggap mo batay sa 100% ng net na minimum na taunang kita, ang rate ng iyong benepisyo ay batay sa 100% ng iyong net ng mga kita.

Ang pinakamababang taunang kita na nagkabisa noong Oktubre 1, 2023, ay $31,824 at walang pagbabago sa Enero 1, 2024.

- ½ ng Industrial Average Wage (IAW) para sa 2024: $28,118.74
- Ang buong Industrial Average Wage (IAW) para sa 2024: $56,237.48

Walang asawa na Walang mga Umaasa					
	Kabuuang Taunang Sahod	**Kabuuang Lingguhang Sahod**	**100% Aktuwal na Halaga o Net (Lingguhan)**	**90% Net Sheltered (Lingguhan)***	**100% Net Sheltered (Lingguhan)***
½ IAW	$28,119.00	$540.75	$439.61	hindi angkop	$422.07
Buong IAW	$56,237.48	$1,081.49	$800.10	$699.45	hindi angkop
Halimbawang Mga Aktuwal na kita	$25,000.00	$480.77	$398.48	hindi angkop	$380.50
	$62,000.00	$1,192.31	$867.96	$756.49	hindi angkop

Halaga para sa Kasal, Mga Claim, Asawa o Common-law Partner, Dalawang Umaasa					
	Kabuuang Taunang Sahod	**Kabuuang Lingguhang Sahod**	**100% Aktuwal na Halaga o Net (Lingguhan)**	**90% Net Sheltered (Lingguhan)***	**100% Net Sheltered (Lingguhan)***
½ IAW	$28,119.00	$540.75	$503.77	hindi angkop	$502.77
Buong IAW	$56,237.48	$1,081.49	$871.84	$745.52	hindi angkop
Halimbawang Mga Aktuwal na kita	$25,000.00	$480.77	$448.33	hindi angkop	$447.33
	$62,000.00	$1,192.31	$938.62	$801.59	hindi angkop

*Ang 90% Net Sheltered at 100% Net Sheltered na mga halaga ay kumakatawan sa buong lingguhang mga benepisyo sa kawalan ng sahod na natatanggap ng isang napinsalang manggagawa mula sa WCB kung sila ay wala nang iba pang kita kasunod ng pinsala, batay sa mga antas ng taunang kita na ipinapakita.

Mula Enero 1, 2022, ang *The Workers Compensation Act* ay nagtakda ng isang limitasyon sa pinakamataas na mga maaaring ma-insure na mga kita. Para sa mga pinsala sa o makalipas ang Enero 1, 2024, ang limitasyon ay $160,510.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.